
DEAR CANDIDATE
SMBA
SAGOT MO BA ANG OPEN LETTER?
SUMAGOT KA NAMAN WAG LANG...




Naglabas ang Amnesty Philippines ng open letter para sa mga kumakandidato bilang president, vice-president at senators, bilang panimula ng electoral project.

Nilalaman ng open letter ang paalala, panghihikayat, at hamon sa mga kandidato na gawing sentro ng kanilang plataporma ang karapatang pantao lalo na mga sumusunod na isyu:

1. GOVERNMENT ACCOUNTABILITY ON THE WAR ON DRUGS
2. FACILITATING COVID-19 RECOVERY AND STRENGTHENING HEALTHCARE SYSTEM
3. UPHOLDING SOCIAL SECURITY AND LABOR RIGHTS
4. ACCESSIBLE, QUALITY, AND RESPONSIVE EDUCATION
5. PROTECTION OF JOURNALISTS, HUMAN RIGHTS DEFENDERS, AND FREEDOM OF EXPRESSION

# GOVERNMENT ACCOUNTABILITY ON THE WAR ON DRUGS

SMBA

SAGOT MO BA ANG OPEN LETTER?

1

Libu-libo ang naging biktima ng polisiya ni Pangulong Rodrigo Duterte sa 'War on Drugs'. Sa loob ng anim na taon ay mayroong 6,000 kasong nakabinbin sa imbestigasyon ayon sa tala ng Department of Justice. Sagot ba ng kandidato mo ang pagtiyak na mananagot ang mga lumabag sa karapatan ng mga biktima, at mabigyan ng hustisya ang kanilang mga pamilya?

# FACILITATING COVID-19 RECOVERY AND STRENGTHENING HEALTHCARE SYSTEM AND SERVICES

# 2

Puno ng korapsyon at panay pagsasawalang-bahala ang naging tugon ng pamahalaan sa usapin ng pandemya dulot ng COVID-19. Lalo lamang nitong pinagiting ang mga problema ng sistemang pangkalusugan ng Pilipinas. Sagot ba ng kandidato mo ang pagpapadaloy ng isang mas maayos na plano para makaahon tayo sa sitwasyong dulot ng pandemya?

SMBA

SAGOT MO BA ANG OPEN LETTER?

SMBA

SAGOT MO BA ANG OPEN LETTER?

Nasa 11.7 trilyong Piso na ang utang-panlabas ng Pilipinas dulot ng pandemya. Sagot ba ng kandidato mo ang pamamahala sa utang ng bansa habang tinitiyak na walang bahagi ng lipunan ang mapapabayaan?

# UPHOLDING SOCIAL SECURITY AND LABOR RIGHTS

# 3

# 4

# ACCESSIBLE, QUALITY, AND RESPONSIVE EDUCATION

Pandemya din ang dahilan ng lalong pagbaba ng kalidad ng edukasyon sa bansa. Sagot ba ng kandidato mo ang kapakanan ng estudyante, kabuhayan ng mga guro at iba pang namamahala sa mga paaralan, lalo na't malaki ang naging epekto ng dalawang taong pagsailalim ng mga estudyante at guro sa remote learning, ngayong nagbabadya ang pagbubukas muli ng mga paaralan?

SMBA

SAGOT MO BA ANG OPEN LETTER?

SMBA

SAGOT MO BA ANG OPEN LETTER?

# PROTECTION OF JOURNALISTS, HUMAN RIGHTS DEFENDERS, AND FREEDOM OF EXPRESSION

400 na aktibista at organisador, at 20 mamamahayag ang napatay sa panahon ni Pangulong Duterte, at daan-daan ding pagpatay ang hindi nabigyang hustisya noong mga nakaraang administrasyon. Sagot ba ng kandidato mo na proteksyunan sila kasama ng mga human rights defenders at iba pang mga indibidwal na kritikal na bumabatikos sa gobyerno?

5